



### Pinapatibay ng Lungsod ang mga tuntunin sa trabaho sa driveway para mapanatiling ligtas ang komunidad

BRAMPTON, ON (Abril 27, 2021) – Pinatitibay ng Lungsod ng Brampton ang mga tuntunin para sa mga contractor na nagsasagawa ng pagsesemento sa driveway sa mga pribadong ari-arian para makatulong sa paglikha ng mas ligtas na mga tahanan at mas ligtas na komunidad.

Bago sa taon na ito, ang mga contractor at mga sealer sa driveway ay kinakailangang kumpletuhin ang online na pagsasanay sa Lungsod bago mabigyang lisensya. Mandatoryo na ngayon ang security deposit para sa mga contractor. Ang paunang hinihingi na mga ito para sa pag-isyu at/o pag-renew ng lisensya ay mahalagang mga hakbang tungo sa pagpapababa sa ilegal na konstraksyon sa mga driveway.

Kapag tinanggal na ang Panlalawigang kautusan sa pananatili sa bahay, ang mga kawani sa By-law at Enforcement Services ay sisimulang muli ang mga imbestigasyon sa pag-instala sa mga driveway o ekspansyon na hindi tumutupad sa iba't ibang [ordinansa](#) ng Lungsod.

Ang mga residenteng nagpaplanong palakihan ang kanilang driveway para madagdagan ang paradahang espasyo, magdagdag ng mga pansementong bato o i-reseal ang kanilang driveway ay hinihiling na tandaan ang sumusunod na mga tip:

- Tingnan kung lisensyado ang contractor sa Lungsod ng Brampton. Ang isang talaan ng lisensyadong mga contractor ay makikita [online](#).
- Para sa mga proyektong DIY, magtanong sa Lungsod para makumpirma ang maximum na pinapayagang lapad ng driveway at kung kinakailangan ang permit sa curb cut.
- Ang mga bihasang indibidwal ay kailangang nasa site sa panahon ng pagsemento sa driveway.

Ang kapwa mga contractor at mga residente ay responsable sa pagtiyak na ang konstraksyon ay naaayon sa mga ordinansa ng Lungsod at legal.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [www.brampton.ca/drivewaypaving](http://www.brampton.ca/drivewaypaving)

-30-

#### KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa  
Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)